# Angas Bilang Lakas: Mga Kuwento ng Kabataang Babae ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa (Senior High School) /

# *"Angas" as Strength: Stories of Female Youth of Muntinlupa National High School (Senior High School)*

Lynette V. Mandap
Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa
lynette.mandap@deped.gov.ph

Raquel E. Sison-Buban
Pamantasang De La Salle, Pilipinas
sison-bubanr@dlsu.edu.ph

Layunin ng pag-aaral na (1) masuri kung paano nagiging lakas ang angas para sa mga kabataang babae, (2) mailatag ang mga kuwento ng angas bilang lakas ng mga kabataang babae, at (3) matukoy ang kalimitang isyu/suliranin, at hamon ng mga kabataang babae gayundin kung paano nila ito hinaharap. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay nasa edad 18 hanggang 20 taong gulang mula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa (Senior High School). Gamit ang pakikipagkuwentuhan bilang metodo ng pananaliksik (Pe-Pua 1982), sinuri ang mga binalikang alaala ng naging danas ng kabataang babae, pinagnilayan ang mga isyu/suliranin, hamon, at solusyon nila sa mga ito, at dinalumat ang angas nilang taglay batay sa kani-kanilang mga kuwento hanggang sa kung paano nila ito nagiging lakas. Lumitaw sa konteksto ng mga kuwento ang pagpapakahulugan ng mga kabataang babae sa angas bilang pagtingin sa kanilang sarili, sa kapuwa, o sa buhay na naipahahayag sa iba't ibang pamamaraan bilang pagtugon nila sa kani-kanilang mga isyu at suliranin, at hamon sa mga sitwasyong pinagdaraanan. Ang kanilang angas sa kabuuan ay ang lakas at tapang nilang harapin, pasanin, o tanggapin ang mga sitwasyong hindi nila kayang kontrolin.

**Mga Susing Salita:** Angas, Covid-19, Kabataang babae, Pakikipagkuwentuhan, Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa

Copyright © 2023 by De La Salle University

*The objectives of this study are the following: (1) to analyze how "angas" becomes strength for the young Filipino women, (2) present the stories of "angas" as strength of young Filipino women, and (3) identify their usual issues/problems, challenges and how they give solutions or response to these. The participants were aged 18 up to 20 years old who were students of Muntinlupa National High School (Senior High School). Using story-telling or "pakikipagkuwentuhan" as a method (Pe-Pua, 1982), the experiences shared by the young Filipino women were analyzed, and reflected upon, as to how these stories become their strength as individuals. It was discovered in the study that the context of "angas" from the stories of young Filipino women were based on how they see themselves, others, or life itself that is being expressed in their varied response to their own issues/problems, and challenges in situations they encounter. Their angas as a whole is their strength, and confidence to face, to shoulder, or accept the situations they cannot control.*

*Keywords: Angas, Covid-19, Young Filipino Women, story-telling, Muntinlupa National High School*

## PANIMULA


### *Ilang paglalarawan sa ating mga kasalukuyang kabataang babae*

Ang mga kabataang babaeng nasa senior high school ay maituturing na nasa yugto ng transisyong kinasasangkutan ng mga pagbabagong pisikal, sikolohikal, mental, at maging espiritwal. Sa yugtong ito ng kanilang pagdadalaga, mahalagang maisaalang-alang din ang mga kaakibat na responsabilidad sa pag-iisip, pagpapasya, at pagpapahalaga. Sa mga pagkakataong nakikipag-usap ang mananaliksik sa mga mag-aaral sa loob man o labas ng paaralan, kadalasang naririnig ang mga pahayag na, "Ang angas niyan, e," "Ang angas talaga no'n!" o "Maangas ako, bakit?" sa mga awayan, bidahan, sumbungan, suplungan, at kuwentuhan man. Ang pakikinig at pag-unawa sa mga kuwento ng danas ng mga kabataang babae ay isang mahalagang pagkakataon upang masipat ang mga lumilitaw na imahen ng mga kabataang babae. Samantala, ang kani-kanilang mga pangkasalukuyang prinsipyo, pananaw, paniniwala, at pananampalataya na pinatitingkad ng bawat isyu, suliranin, hamon, at solusyon sa mga ito ay makapagdudulot ng kaliwanagan sa mga gurong nagsisilbing pangalawang magulang ng mga mag-aaral na babaeng ito upang mas maunawaan sila't magabayan.

Sa pag-aaral na ito, sasagutin ang mga sumusunod na katanungan: (1) Paano nagiging lakas ang angas para sa mga kabataang babae? (2) Ano-ano ang kuwento ng angas bilang lakas ng mga kabataang babae? (3) Ano-ano ang kalimitang isyu, suliranin, at hamon ng mga kabataang babae? Paano nila ito hinaharap? Kalahok sa pag-aaral na ito, ang mga kabataang babaeng nasa edad 18–20 taong gulang sapagkat ito ang itinuturing ng batas na siyang hustong gulang upang makapagpasya ang mga kalahok para sa sarili. Ang mga naturang mag-aaral na kalahok ay mga naging mag-aaral ng mananaliksik sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa. Sapagkat ang pananaliksik ay isinagawa sa panahong ang bansa ay may pandemya, naging pangunahing konsiderasyon ng mananaliksik ang pag-maximize sa gamit ng online. Gamit ang pakikipagkuwentuhan bilang metodo ng pananaliksik (Pe-Pua, 1982), nagsagawa ng pakikipagkuwentuhan ang mananaliksik sa mga kalahok na kabataang babae gamit ang *Zoom*, *Facebook Messenger* audio at video calls, at maging voice calls sa cellphone, sinuri naman ang transkripsiyon ng pakikipagkuwentuhan.

### *Konsepto at Konteksto ng Pakikipagkuwentuhan Bilang Hanguan ng Datos sa Pananaliksik*

Ang pakikipagkuwentuhan ay isang malayang pagtutunguhan ng dalawa o higit pang tao kaugnay ng kanilang mga danas, pangyayari, opinyon, at iba




**Pigura 1.** Iskema ng Pananaliksik

pa. Para kina Santiago at Enriquez (1976), De Vera (1976), at Enriquez (1988), ito ay maituturing din bilang isang katutubong pamamaraan ng pananaliksik; para naman sa pangkat nina Charvet, Javier, Lapena, Mendoza, Orteza, at Sta. Maria (1995), ang metodong pakikipagkuwentuhan ay isang pangunahing pamamaraan ng paglikom ng datos. Nakatutulong ito sa pagsasaayos ng personal na suliranin ng mga sangkot sa pakikipagkuwentuhan dahil may dulot na bisang terapyutiko ang pagkukuwento hindi lamang para sa nakikinig kundi maging para na rin sa nagkukuwento. Dagdag pa rito, sinasabing hindi ito maituturing na pakikipagkuwentuhan kung walang kuwentong nabuo at isa lamang ang nagkukuwento (Orteza 520–528).

Sa pananaliksik na ito, ang nakasanayang harapan at umpukang pakikipagkuwentuhan ay hindi pinahintulutan sapagkat ito ang panahon ng biglang pagkakaroon ng lockdown sa bawat barangay at naging mahigpit ang mga kinauukulan sa mga maaaring lumabas ng bahay bawat pamilya. Dahil sa limitasyong ito, idinaos ang pakikipagkuwentuhan sa alternatibong pamamaraan gaya ng pakikipagtawagan sa cellphone at sa mga platapormang *Zoom* at *FB Messenger*. Gayunman, sinikap pa rin ng mananaliksik na maobserbahan ang mga ekspresyon, tinig at galaw ng mga kakuwentuhan, gamit ang birtuwal na mga plataporma.

Itinuturing na kalikasan ng pakikipagkuwentuhan ang pagiging impormal nito; ibig sabihin, malaya ang mga kalahok sa pakikipagkuwentuhan na magpasimula ng mga paksa at tapusin ito batay sa kagustuhan ng mga kalahok. Kalimitan, wala itong tiyak na balangkas o layunin. Sa pagsasaalang-alang sa kalikasang ito, at upang masulit ang panahon ng mga kalahok sa pakikipagkuwentuhan, minabuti ng mananaliksik na maghanda pa rin ng ilang paksang maaaring magsilbing gabay para sa pagpapadaloy ng kuwentuhan. Sa ganitong paraan, inaasahang magagawi ang mga pagbabahaginan sa mga paksang pinaghugutan ng mga kabataang babae ng kanilang mga naging pasya para sa sarili, at para sa mga nakapaligid sa kanila. Gamit ang metodong ito, sinuri ang mga kuwento ng danas ng kabataang babae at pinagnilayan ang kani-kanilang mga ikinuwentong isyu/suliranin, hamon, at solusyon, at dalumatin ang angas na nakalangkap sa mga ito upang matukoy kung paano nila ito nagiging lakas. Kasunod ang biswal na paglalarawan sa kabuuang daloy ng pananaliksik.

Matapos ang pakikipagkuwentuhan, binalikan ng mananaliksik ang mga alaalang naitala mula sa pakikipagkuwentuhan upang higit na maunawaan ang kontekstong pinanggagalingan ng mga kalahok. Isa-isang tinukoy ang mga isyu at suliranin, ang mga hamon, at ang kanilang mga ibinahaging paraan ng pagbibigay-solusyon sa kanilang mga kinaharap sa buhay. Mula naman sa lahat ng mga kuwentuhan at pagsusuri, sinikap ng mananaliksik na dalumatin ang kahulugan at konteksto ng angas na maituturing na isang lakas ng mga kabataan.

*Profayl ng mga Kabataang Babaeng Kalahok sa Kuwentuhan*

Dalawampung mag-aaral ng senior high school sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Muntinlupa at may edad na 18–20 taong gulang ang piniling makakuwentuhan. Naging mahalagang salik sa pagpili ang pagiging “kapalagayang loob” ng mananaliksik sa pag-aaral na ito upang maiwasan ang pagkailang o pagiging *awkward* at pag-aalinlangan ng mga kalahok sa kanilang pagsagot sa mga tanong. Napagpasyahan ding pakikipagkuwentuhan at hindi pakikipanayam ang gawing metodo ng mananaliksik sa mga kalahok upang mawala ang pakiramdam ng pormalidad na nakalangkap dito at nang sa gayo’y maging mas

| Pangalan | Edad | Tirahan | Bilang ng Kapatid | Pang-ilan sa Magkaka-patid | Kursong kukunin sa kolehiyo | Trabahong Pinagha-handaan | Buwanang kita ng pamilya |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| “Cassie” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 3 (2 babae, 1 lalaki) | Bunso | Business Administra tion | Business Manager | Nasa pagitan ng P19,040 - 38,080 |
| “Sarah” | 19 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 2 (babae at lalaki) | bunso | Edukasyon | Guro | Nasa pagitan ng P9,520 - 19,040 |
| “Lindsay” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 4 na lalaki (2 sa parehong magulang, 2 sa ina) | Bunso (sa parehong magulang; nag-iisang babae) | Tourism / Edukasyon | Flight Stewardess / Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Rica” | 20 | Brgy. Putatan, Muntinlupa | 11 (8 lalaki, 3 babae) | Panlima | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Lianne” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 3 (1 babae, 2 lalaki) | Bunso | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Aya” | 19 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 2 (babae at lalaki) | Pangalawa | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Rizzie” | 18 | Sta. Rosa, Laguna | 3 babae | bunso | Aeronautical Engineering | Aircraft Mechanical Technology | Nasa pagitan ng P9,520 - 19,040 |
| “Anna” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 2 (sa ina) | Panganay | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Ella” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 2 (lalaki at babae) | Panganay | Tourism | Flight Stewardess | Mababa sa P9,520 |
| “Jenny” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 10 (5 lalaki, 5 babae, 2 sa ama) | Pang-apat | Accounting | Accountant | Mababa sa P9,520 |
| “Pau” | 18 | Brgy. Alabang, Muntinlupa | 3 lalaki | Bunso (nag-iisang babae) | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Justine” | 18 | Bacoor, Cavite | 5 (2 babae, 3 lalaki) | Panganay | Medisina | Doktor | Nasa pagitan ng P9,520 - 19,040 |
| “Andrea” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 1 babae | Panganay | Medisina | Doktor | Nasa pagitan ng P9,520 - 19,040 |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| “Lanie” | 18 | Brgy. Putatan, Muntinlupa | 7 (4 babae, 3 lalaki) | Panlima | Criminology | Pulis / Sundalo | Mababa sa P9,520 |
| “Lyka” | 20 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 4 (1 babae, 3 lalaki) | Bunso | Edukasyon / Accounting | Teacher / Accountant | Mababa sa P9,520 |
| “Leila” | 18 | Brgy. Tunasan, Muntinlupa | 4 (2 babae, 2 lalaki) | Pangatlo | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Gem” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 3 (2 babae at 1 lalaki) | Pangalawa | Criminology / Nursing | Pulis / Sundalo/ Nars | Mababa sa P9,520 |
| “Shiela” | 18 | Brgy. Poblacion, Muntinlupa | 2 (babae at lalaki) | Panganay | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Yuki” | 18 | Brgy. Alabang, Muntinlupa | 1 lalaki | Panganay | Edukasyon | Guro | Mababa sa P9,520 |
| “Irish” | 18 | Brgy. Putatan, Muntinlupa | 2 (babae at lalaki) | Panganay | Criminology | Pulis | Mababa sa P9,520 |

**Talahanayan 1.** Sosyo-ekonomikong Profayl ng mga Kabataang Babae bilang Kalahok sa Pag-aaral

kampante sa pagbabahagi ng mga kuwento ng personal na danas ang mga kabataang babae.

Labing-anim sa mga kabataang babaeng kakuwentuhan sa pag-aaral na ito ay 18 taong gulang, dalawa ang 19 na taon; samantala, dalawa naman ang 20 taong gulang na. Labingwal sa kanila ang nakatira sa mga barangay ng Muntinlupa samantalang dalawa naman ang sa karatig-bayan naninirahan—ang isa ay sa Bacoor Cavite, at ang isa naman ay sa Sta. Rosa, Laguna. Lahat sila ay may mga kapatid. Pito sa kanila ang panganay, pito ang bunso, at anim sa kanila ang kung hindi pangalawa, pangatlo, pang-apat ay panlima sa magkakapatid.

Karamihan din sa mga naging kakuwentuhan ay nakatira sa Barangay Poblacion kung saan matatagpuan ang paaralan dahil ito ang pinakamalapit na Senior High School mula sa kanilang tirahan. Karamihan sa kanila ay nagtapos ng Junior High School sa nasabing paaralan, at sa paaralang iyon din nagtapos ang kanilang mga magulang kaya doon din sila pinag-aaral. Samantala, ang ilan naman ay naniniwalang maganda ang pamamaraan ng pagtuturo at/o benepisyong kalakip ng pag-aaral sa nasabing paaralan kung ikokompara sa paaralang mas malapit sana sa kanilang tahanan. Sa kanilang lahat, siyam ang nais maging guro, dalawa ang gustong maging doktor, dalawa ang gustong maging pulis, at ang pitong natitira ay nagpahayag na nais na maging business manager, engineer, accountant, o kaya ay flight stewardess.

Pinagtuunan din ng pansin ang sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga kabataang kakuwentuhan bilang pagkilala sa kanilang mga alalahaning pangkabuhayan na di-maikakailang nakaaapekto rin sa maaaring maging pananaw at saloobin ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang sariling buhay. Ayon sa GMA Digital Specials na “Sino ang Middle Class?”, sa pag-aaral noong taong 2018 ng Philippine Institute for Development Studies, ang mga pamilyang itinuturing na mahirap ay may buwanang kita na mababa sa PhP9,520. Sa dalawampung kabataang babaeng kakuwentuhan, labinlima (15) sa kanila ang nabibilang sa mahirap na pamilya. Karamihan sa kanila ay iisa lang ang nagtatrabaho na kadalasan ay tatay, at ang trabaho ay hindi permanente gaya ng pagiging construction worker. Karamihan din sa kanila ay may malaking pamilya, at ang ilan sa mga anak

na nagsipag-asawa't anak na ay nakapisan pa rin sa pamilya. Samantala, itinuturing naman ang pamilya na middle class kung ang buwanang kita ng pamilya ay nasa pagitan ng PhP19,040–114,240, kadalasan ay permanente ang trabaho, at may dalawa o higit pang miyembro ang nagtatrabaho para sa pamilya. Sa mga nakakuwentuhan, lima lamang sa kanila ang maituturing na kabilang sa middle class.

*Mga Ginamit na Gabay, Protokol, at Iba Pang Konsiderasyong Isinaalang alang sa Paggamit ng Metodong Pakikipagkuwentuhan*

Narito ang mga ginamit na gabay, protokol, at mga konsiderasyong isinaalang-alang ng mananaliksik sa paggamit ng metodong pakikipagkuwentuhan:

1. Mga Hakbanging Isinagawa ng Mananaliksik para sa Pagsasagawa ng Pakikipagkuwentuhan

Nagpadala ng PM o personal message sa *Messenger* ang mananaliksik upang hingin ang pahintulot ng mag-aaral na maging kalahok sa pag-aaral. Nakipagkasundo sa kanila sa petsa at oras ng pagtawag, at ang preperensiya ng kalahok kung saan siya tatawagan upang makakuwentuhan. Binigyan din ng elektronikong kopya ng Informed Consent Form ang mga kalahok habang ipinaliliwanag nang detalyado ang layunin ng pag-aaral na isasagawa sa kabuuan, maging ang mga karapatan nila bilang mga kalahok, at pagiging kompidensiyal ng mga personal na datos na makakalap. Hinayaan din ang mga kalahok na basahin at pagnilayan ang nilalaman ng consent form at magtanong kung mayroong paglilinaw.

Sinimulan ang pakikipagkuwentuhan sa kaswal na kumustahan at unti-unting itinulay sa kanilang mga kuwento ng danas, mga isyu, suliranin, hamon, at solusyon bilang paksa ng kuwentuhan. Umabot sa limang buwan ang kabuuang panahon ng isinagawang pakikipagkuwentuhan (mula Mayo hanggang Setyembre 2020). Sa pagkakataong kakitaan ng kakulangan ng detalye at datos ang transkripsiyon ng unang kuwentuhan, hiniling ng mananaliksik na nawa'y maging bukas pa rin ang mga kalahok upang makipagkuwentuhang muli gamit ang *Zoom* o *Messenger* dahil sa limitasyong dulot ng pandemya. Naging pangunahing konsiderasyon ng mananaliksik ang *availability* ng mga magiging kalahok sa pakikipagkuwentuhan. Sa huli, nagpasalamat ang mananaliksik sa panahon at pagkakataong ibinigay ng mga kalahok upang maisakatuparan ang pakikipagkuwentuhan bilang metodo ng pangangalap ng datos.

2. Gabay ng Mananaliksik sa Pakikipagkuwentuhan

Mahalaga sa mananaliksik na maging palagay ang mga kalahok na magbukas ng sarili at magkuwento ng kanilang mga karanasan bilang mga datos sa pananaliksik na ito. Walang inihandang espesipikong gabay na tanong para sa mga kakuwentuhan subalit ginabayan ng mananaliksik ang kuwentuhan sa mga paksang may kabigatan upang maging mas palagay, magaan, at malayang makapagkuwento o magbukas ng damdamin ang mga kakuwentuhan. Narito ang ilang detalyeng naging bahagi ng gabay:

a. Personal na impormasyon gaya ng edad, tirahan, bilang sa pamilya, at kung pang-ilan sa magkakapatid, kung may mga kapatid man.
b. Mga responsabilidad sa tahanan bilang anak, kapatid, o pamangkin, at bilang mag-aaral sa paaralan
c. Pinakahindi malilimutang karanasan, pinakakinaiinisang sandali, pinakamalungkot na pangyayari, at pinakakinasasabikang maganap
d. Karanasan at/o obserbasyon sa kuwarentina dulot ng pandemyang COVID-19
e. Pangarap para sa sarili at/o sa pamilya

Samantala, pinili ng mananaliksik ang kabataang babaeng magiging bahagi ng pananaliksik na ito bilang kakuwentuhan batay sa sumusunod na konsiderasyon:

a. Naging dating estudyante ng mananaliksik
b. Nakapag-establish na ng digri ng pamilyaridad
c. Napanatili ang komunikasyon kahit nakapagtapos na ang mag-aaral
d. May paunang kaalaman o may bahaginan nang naganap
e. Pumayag at tumugma sa availability ng mananaliksik ang availability ng magiging kakuwentuhan

3. Ilang tala sa likod ng mga kuwento ng mga kabataang babaeng kalahok sa kuwentuhan

Naging isang malaking hamon sa pagpapasimula ng pananaliksik ang pangangalap ng datos dahil sa pagsisimiula ng pandemya sa bansa at sa pagdedeklara ng lockdown sa bawat barangay. Ang ilan sa mga kabataang babaeng kalahok ay walang maasahan o stable na Internet connection, o kung di man, mahina ang sagap ng signal sa kanilang lugar. Naging suliranin din ang kawalan ng gadget gaya na lamang ng isang kalahok na walang sariling cellphone kaya kinailangan pa nitong manghiram sa kaibigan. Ang ilan din sa kanila ay wala ring pang-load kaya kinailangang padalhan ng load ng mismong mananaliksik upang matuloy ang pakikipagkuwentuhan; samantalang ang iba naman ay kinailangang lumabas ng bahay at pumunta sa mas mataas na lugar upang makasagap ng signal. Ang ilan pa sa mga nakakuwentuhang kalahok ay laging paputol-putol o *choppy* ang dating ng boses kaya tinawagan na lamang ito ng mananaliksik sa kani-kanilang cellphone number upang maisakatuparan ang pakikipagkuwentuhan.

May mga pagkakataong lumilisan ang kalahok sa kuwentuhan dahil sa nadi-disconnect sa Internet, kung minsan, inuutusan ng kapamilya, o may kailangang gawin sa bahay; may mga pagkakataon ding nawawalan ng signal dahil malakas ang ulan o kaya naman ay may kidlat. Sa mga ganitong pagkakataon, pansamantalang itinitigil ang pagkukuwentuhan, at saka muling nagtatakda ng panibagong iskedyul na available ang lahat.

Magkakaiba ang pinanggagalingan ng mga kabataang babae sa naging daloy ng kanilang pakikipagkuwentuhan sa mananaliksik. Mayroon sa kanilang likas na makuwento, mayroong kailangang susugan ng mga kaugnay na tanong upang mabuo ang kuwento, mayroon ding umiiwas sa ilang paksang mapagkuwentuhan, at mayroon ding may partikular lamang na paksang gustong-gustong mapagkuwentuhan. Ang mga transkripsiyon ng kuwentuhang isinagawa para sa bawat kalahok ay hindi bumaba sa walong pahina habang ang pinakamahabang transkripsiyon naman ay inabot ng 18 pahina. Kaya naman, ilang konsiderasyon ang isinaalang-alang ng mananaliksik sa presentasyon ng kanilang mga kuwento.

Una, binigyang pokus ng mananaliksik ang mga paksang pinakapinag-usapan at may pinakamataas na emosyon sa kabuuan ng naging kuwentuhan. Upang maiwasan ang kalituhan sa mga mambabasa, inilahad muli ng mananaliksik sa kronolohikal na ayos ang mga pangyayaring ikinuwento ng mga kakuwentuhan. Sinikap din na mapanatili ang daloy ng kuwento ng mga kabataang babaeng kalahok subalit dahil maraming pagkakataong napuputol o hindi nabubuo ang diwa ng kuwento ng kanilang mga danas na ibinahagi, minabuti ng mananaliksik na ilahad muli ito at pagdugtong-dugtungin ang mga sipi ng kuwentuhan. Tinanggal na rin ng mananaliksik ang mga tanong at reaksiyon sa pagitan ng mga ito upang maisaayos sa kronolohikal na paraan ang mga paksa at tuluyang mabuo ang mga kuwentong ibinahagi. Samantala, upang matiyak ang katumpakan ng mga detalye at ang naging paraan ng muling paglalahad, ipinabasang muli sa mga nakakuwentuhan ang naratibong binuo ng mananaliksik batay sa naging verbatim na tala ng kuwentuhan upang mabigyan nila ng komento at reaksiyon na siyang isinaalang-alang ng mananaliksik sa kaniyang pagwawasto.

Upang matiyak na mapananatili ang pagiging kalmante at palagay na loob ng mga kakuwentuhan, sinisikap din ng mananaliksik na maging mapagmasid sa reaksiyon, mga verbal at extra-verbal na mga pahayag ng kakuwentuhan; halimbawa, sa mga paksang "ngiting-ngiti" o "madaldal" ang kakuwentuhan, mas dito pinapamalagi ang usapan. Sa mga pagbabahagi na mataas ang tono at may maalab na damdaming lakip habang nagkukuwento, gayundin kapag mabilis ang pagsasalita, ikinokonsidera ng mananaliksik na mataas ang interes ng kausap at komportable ito sa pagbabahagi ng kaniyang personal na kuwento. Samantala, sa mga pagkakataong tila humihinto o nananahimik ang kakuwentuhan, sinisikap ng mananaliksik na alamin ang maaaring iniinda ng kausap. Sa mga ganitong pagkakataon, ito muna ang pinag-uukulan ng pansin ng mananaliksik o inuunang pag-usapan.

Bilang pagsasaalang-alang sa kalikasan ng pakikipagkuwentuhan bilang metodong ginamit sa pagkuha ng datos, sadyang sinikap ng mananaliksik na panatilihing magaang at malaya ang daloy ng mga usapan; halimbawa: kapag naiiba ng paksa sa usapan ay hinahayaan lang muna ito ng mananaliksik at nagbibigay lang ng pahiwatig na balikan ang orihinal na layunin ng kuwentuhan. Ibig sabihin, hindi sapilitan ang pagbabahagi; laging nakadepende sa kawilihan, interes, panahon, availability, mood ng kakuwentuhan. Bagama't may gabay na ginamit para sa pagpapadaloy ng kuwentuhan, ang mga ito at nanatiling gabay lamang

kaya may mga katanungang hindi naitanong (dahil ayaw pa nilang ikuwento o hindi pa sila handa na ibahagi) at mayroon namang sa mismong panahon ng pakikikipagkuwentuhan nabuo ang mga tanong dahil ito ang hinihingi ng sitwasyong pangkomunikasyon.

Kasunod ang talahanayan ng mga kuwento ng pagharap sa hamon at pagpapakita ng angas bilang lakas ng ilan sa mga kabataang kinapanayam. Dahil sa limitasyon sa espasyo, pinili lamang ang ilang tampok na bahagi ng mga lumitaw na datos mula sa isinagawang pakikipagkuwentuhan.

| **Angas sa Pakikipag-ugnayan** | | |
|---|---|---|
| **Tema** | **Kuwento ng Angas** | **Anyo ng Angas** |
| Pakikipagrelasyon | Kahandaang ipaglaban ang kasintahan | Paggigiit |
| | Pakikipaghiwalay sa kasintahan at pag-block sa *Facebook* | Pag-iwas |
| | Hindi basta-bastang pakikipagrelasyon | Pag-iwas |
| | Pag-stalk sa kasintahan | Paggigiit |
| Pakikipagkaibigan | Pagsama sa/panunugod sa kaaway ng kaibigan upang murahin at/o hamunin ng away | Paggigiit |
| | Paglayo sa kaibigan pagkatapos ng naging pag-aaway | Pag-iwas |
| | Paghingi ng pang-unawa para sa itinuring subalit nakaaway na kaibigan | Pakikibagay |
| | Hindi pagsama sa mga kaibigan sa inuman | Pag-iwas |
| | Pagpapayo/pagdamay sa kaibigang bigo sa pag-ibig | Pakikibagay |
| | Pakikipagsagutan sa kaibigan | Paggigiit |
| Pakikipag-ugnayan sa kapuwa | Hindi pakikipag-usap sa ama sa telepono | Pag-iwas |
| | Pakikipag-away sa ina/ama | Paggigiit |
| | Pagtanggap na hindi na mabubuo pa ang kanilang pamilya | Pakikibagay |
| | Pakikitungo/pakikisama sa ma-attitude na kamag-aral | Pakikibagay |
| **Angas sa Paggampan sa Tungkulin at Responsabilidad** | | |
| **Tema** | **Kuwento ng Angas** | **Anyo ng Angas** |
| Gampanin sa pamilya | Pag-aalaga at pagdidisiplina sa kapatid/mga pamangkin | Pakikibagay |
| | Pagiging responsableng modelo ng mga kapatid | Pakikibagay |
| | Pagkomprontra sa ama sa pambababae nito | Paggigiit |
| | Pagtatrabaho/ paghahanap ng pagkakakitaan para sa sarili/pamilya | Pakikibagay |
| Gampanin sa paaralan | Pag-ako sa responsabilidad bilang PEER at officer | Pakikibagay |
| | Pakikipagkopyahan sa mga kaklase | Pakikibagay |

| | | |
|---|---|---|
| Paggpapahalaga sa sarili | Pagtatago ng damdamin sa pamilya | Pag-iwas |
| | Pagiging independent at/o hindi pag-asa sa mga kapatid sa pera | Pakikibagay |
| | Pangangalaga sa imahen bilang astig o maangas sa mga kaklase | Paggigiit |
| | Pagpapasaway sa trabaho | Paggigiit |
| | Pakikipaghabulan sa snatcher | Paggigiit |
| **Angas sa Pinaghahandaang Kinabukasan** | | |
| **Tema** | **Kuwento ng Angas** | **Anyo ng Angas** |
| Pangarap | Kagustuhang maging guro; maging doktor; maging flight attendant; maging pulis, makapaglakbay; | Paggigiit |
| | Kagustuhang bumili ng 3 condo sa hinaharap; tuparin ang pangarap ng ina | Paggigiit |
| Pananampalataya | Pananalig na ano man ang suliraning kinakaharap ay mapagtatagumpayan dahil nariyan ang Diyos | Paggigiit |

*Pagninilay: Ang Panimulang Hakbang sa Pag-unawa sa Angas Bilang Lakas Mula sa Kuwento ng mga Kabataang Babae*

Ang pagninilay ng mananaliksik upang maunawaan ang mga kuwento sa isinagawang kuwentuhan ay hindi lamang nakatuon sa bawat salitang binitiwan, at mga kuwentong ibinahagi ng mga kakuwentuhan. Sa bawat kuwento at mga sandali ng pakikipagkuwentuhan, hindi maiwasan ng mananaliksik na humanga sa katapatan, sa katapangan, at sigasig ng bawat kabataang babaeng kalahok na maibahagi ang kaniyang mga pinagdaanan sa murang edad. Sa kanilang iba't ibang kuwento ng pagtatagumpay at pagharap sa mga kabiguan at pagsubok, napagtanto ng mananaliksik na hindi simple ang buhay ng mga kabataang ito. Mahirap ang kanilang mga pinagdaanan sa buhay. Nakatulong nang malaki ang video call at voice recorder sa proseso ng pagninilay sapagkat kasama sa mga kinailangang tumimo sa isipan ng mananaliksik ay ang ekspresyon ng mukha, galaw ng katawan, saglit na pagtigil, pagkautal, at bigat o lakas ng boses upang sila ay mapakiramdaman lalo na sa mga paksang hindi pala sila bukas na pag-usapan. Naging mas madali ang pagbabalik-tanaw sa mga naganap sa kuwentuhan habang binubuo ang transkripsiyon. Iba-iba man ang naging unang pagkakakilala sa kanila ng mananaliksik bilang kanilang dating guro, naitawid naman ang pag-unawa sa kanila sa pamamagitan ng pagninilay sa mga kuwento ng danas na ibinahagi ng mga kalahok sa isinagawang pakikipagkuwentuhan.

Ano nga ba ang ibig ipakahulugan ng salitang *angas* o pagiging "maangas?"

May iba't ibang kasing-kahulugan ang salitang *angas* sa mga diksiyonaryong onlayn. Ayon sa www.urbandictionary.com, ang *angas* ay isang Filipino *slang* na katumbas ng mga salitang *cool, awesome*, at *badass* na kadalasang ikinakabit sa ideya ng pagiging maganda, nakakabilib, at mahusay. Sa www.tagalog.com naman, *proud, arrogant*, at *daring*. Samantala, sa www.wiktionary.org naman, ang *arrogant, haughty, boastful,* at *mareklamo*. Pansinin na sa Tagalog, may pagkanegatibo ang pakahulugan sa salita; samantalang sa Filipino, mas nagiging positibo ang kahulugan ng salitang angas.

Sa usapin ng kulturang popular, ang salitang *angas* sa kantang "Angas Mo" ng *Blaze N Kane* na naging trending sa *Tiktok* ay ginamit din bilang positibong panlarawan at panghihimok na husayan pa ang pagtu-twerk (isang uri ng sayaw na ang pinagagalaw ay ang puwet at balakang nang nasa pormang iskuwat). Sa larangan ng isports, mas ikinakabit naman sa mga manlalaro gaya ng basketbol at boksing ang pagiging "maangas." Ayon kay Ramon Bautista, ang pagiging

maangas ng mga manlalaro ay kusang lumalabas lalo na kung mahigpit ang labanan at nagkakapisikalan. Nagbibigay-aliw ito sa mga manonood sapagkat ang "angas" ay itinuturing ding karakter ng isang manlalaro. Maangas para sa kanila ang basketbolista kapag *ripped* o batak ang katawan nito, may kilos-pang-aasar sa kalaban kapag nakaka-shoot ng bola sa ring na tinatawag nilang "*signature angas moves*," at kapag kinikindatan ang *fans* kapag nakaka-shoot. Samantalang maangas naman ang boksingero kapag nagkamit na ito ng iba't ibang *weight division titles*, may angking husay sa ibabaw ng ring, at malakas mang-trash talk at maghamon ng laban. Itinuturing na normal at natural ang pagiging maangas sa larangan ng isports sapagkat estratehiya rin ito upang abangan ng mga tao ang magiging laban ng mga manlalaro—sa *court* man o sa ring.

Ang pagiging positibo o negatibo naman ng salitang *angas* ay laging nakasalig sa kung kanino at bakit ito ginamit bilang panlarawan sa isang tao, sa isang bagay, o sa isang pangyayari. Mahalaga kung gayon na maikonsidera rin ang intensiyon sa paggamit ng salitang *angas*. Ang pagiging maangas samakatwid ay mayroong positibo at negatibong konotasyon depende kung sino ang nagsasabi, kaugnayan ng taong nagsabi sa sinabihan, paano sinabi, at kung anong pagkakataon sinabi.

*Lakas ng Kabataang Babae sa Kabila ng Lahat*

Ang *angas* sa konteksto ng pagharap ng kabataang babae sa kani-kanilang isyu/suliranin at hamon ay ang pagtatangka nilang maging magaling, maging mahusay, at maipanalo ang kani-kaniya nilang laban sa buhay. Dahil hindi simple ang kanilang mga kalagayan sa buhay, tila natututo ang mga kabataang babae na hamunin din ang kanilang sarili upang magawa nilang harapin at solusyonan ang mga suliranin at hamong kanilang nararanasan bilang mga anak, kapatid, mag-aaral, at maging kaibigan. Batay sa isinagawang kuwentuhan, maikakategorya sa tatlo ang naging paraan ng pagtugon ng mga kabataang babae sa kani-kanilang mga isyu/suliranin, at hamon sa buhay: (1) paggigiit, (2) pag-iwas, at (3) pakikibagay.

Naging kalimitang gawi ng pagtugon sa mga kinaharap na isyu ng mga kabataang babaeng kalahok ang paggigiit. Manapa, sa paggigiit masasalamin ang kakayahan ng kabataang babae upang harapin ang sitwasyon at igiit ang aksiyon na sa tingin niya ay karapat-dapat sa sitwasyon—maging positibo o negatibo man sa kaniyang pananaw o sa pananaw ng mga taong nakapaligid sa kaniya ang gagawin niya o ang maging resulta nito. Kadalasan ding sa kaniyang paggigiit, malay siya na ang pagkilos na kaniyang gagawin ay maaaring magdulot ng sakit at kabiguan sa kaniya o sa kaniyang kapuwa; subalit sa kabila nito ay pinipili pa rin niyang gawin sapagkat iyon ang nakikita niyang tama, dapat, at/o hinihingi sa kaniya ng pagkakataon. Maging ang maigting na kagustuhang makamit ang isang bagay o maisakatuparan ang pagbabagong inaasam para sa sarili at sa mga taong malapit sa kaniya gaano man ito kadali o kahirap gawin ay napapaloob sa konteksto ng paggigiit. Sa lipunan nating mas makalalaki kaysa makababae, hindi madali ang gawin kahit ang simpleng paggigiit ng sarili. Hindi madaling humindi kung ayaw, o magsabi ng oo kung gusto para sa mga babae. Karaniwang ang paggigiit ay hindi ipinahahayag sapagkat hindi ito ang inaasahan sa kaniya ng lipunan.

Naging paraan din ng pagtugon ng mga kabataang babaeng kakuwentuhan ang pag-iwas sa mga sigalot lalo na kapag ang kasangkot ay mga mahal sa buhay gaya ng pamilya at mga kaibigan. Sa kanilang pag-iwas, masasalamin ang kakayahang lumayo sa sitwasyong kinakikitaan ng hindi magandang kahihinatnan. Sa mga pagkakataong batid niya ang tiyak na kabiguan, ang katapangang umiwas upang hindi lumala ang sitwasyon ang pinipili niyang gawin, kahit kung minsan, masakit at mahirap ito para sa kaniya. Pipilliin niya itong gawin hindi dahil gusto niya kundi dahil ito ang sa tingin niya ay mas makabubuti upang hindi masaktan o masira ang kaniyang mga relasyong iniingatan. Sa panahong hindi pa ganap ang kabuoan ng identidad at kaakuhan ng isang kabataang babae, isang hamon ang umiwas sa kalimitang takbo o agos ng mga kagawiang maoobserbahan sa kasalukuyang mga kabataan. Lalong mahirap ang humindi sa mga panandaliang saya o pagkalimot sapagkat liban sa mga taong ayaw mong ma-offend, ayaw mo ring makaramdam na ikaw ay napag-iwanan ng mga kasama o pinahahalagahang mga relasyon. Kailangan ng talino upang matanaw na walang maibubuting dulot ang pagsuong sa banta ng panganib, ng tapang upang lantarang umiwas, at ng katapatan sa sarili at tatag ng kalooban upang panindigan ang pag-iwas na inaakalang siyang nararapat.

Samantala, ang pakikibagay ng mga kabataang babae ay ang kakayahan niyang umayon sa hinihingi ng pagkakataon kapalit ng kaayusan at kapayapaan

para sa higit na nakararami, ang isa ring karaniwang pinipiling paraan ng pagtugon sa iba pang hamon sa buhay. Sa mga sitwasyong labag sa kaniyang kalooban, pinipili nilang tingnan at mas pahalagahan ang higit na makabubuti para sa kanilang kapuwa kaysa sariling mga kagustuhan o inaasahan. Isang pahiwatig din ito na kanilang tinatanggap ang sitwasyon nang may kahinahunan. Mahirap makibagay sapagkat kinakailangang maging sensitibo sa kalagayan at saloobin ng kapuwa. Ang kakayahang matimbang ang nais ng iba sa sariling kagustuhan at ang kakayahang unahin ang kapuwa— maituturing na isang hindi birong hamon.

Maituturing namang bunga ng mga isinagawang pagpapasya ng mga kabataang babaeng kakuwentuhan ang pagpapahalaga sa sarili, sa kapuwa, at sa matitinding emosyong paminsan-minsang nagtutulak sa kaniya upang piliing gawin ang mga bagay na makasasakit ng damdamin o hindi katanggap-tanggap sa iba kahit may kabatiran sa ibubunga ng kapasyahan. Ang kamalayan sa kung ano ang tama at mali ay taglay na nila bagama't higit na nangingibabaw ang pagnanais na makausad at malampasan ang sitwasyong kinasadlakan, paggigiit man, pag-iwas o pakikiangkop ang hingin sa kanila ng pagkakataon. Ang kani-kanilang realisasyon o pagkaunawa sa bawat pagharap sa mga isyu/suliranin, at hamon sa buhay bilang mga sitwasyong kailangan nilang mapagtagumpayan; gayundin, ang patuloy na nagbibigay sa kanila ng lakas sa mga sitwasyong kinakailangan nila ng motibasyon upang pag-igihan ang bawat araw.

Ang kanilang paggigiit, pag-iwas, at pakikiangkop kung gayon ay maituturing na isang repleksiyon ng taglay nilang lakas upang patuloy na magkaroon ng dahilan upang magsumikap, magtiyaga, at magpatuloy sa buhay sa kabila ng mga naranasan at nararanasan pang mga pagsubok sa buhay. Ang pagtingin at pagtugon ng kabataang babae sa kani-kanilang mga isyu/suliranin, mga hamon sa kanilang buhay, at paraan ng pagtugon ay higit na nagpapatingkad ng kanilang lakas, at nagpapamalas ng "angas" bilang kabataang babae. Ang pagiging maangas nila, positibo man ito o negatibo sa paningin nila o ng mga taong nakapaligid sa kanila ay isang malakas na enerhiya ng kamuwangan sa sariling bagamat mga bagong sibol ay may sapat na kamalayan sa sarili, kapuwa, at lipunan. Ang mismong angas na ito, ng mga kabataang babae ang siya rin nilang nagiging sandatang lakas sa pagnanais nilang pahalagahan, ipaglaban, at protektahan ang kanilang sarili at/o mga taong mahalaga sa kanilang buhay. Maaaring ipagpalagay na ang angas ay isang paraan ng pag-aanyo lamang na kunwariang malakas sa harap ng kaniyang kapuwa; subalit sa pag-aaral na ito, ang angas na ito ay may pinagmumulan, may pinaghuhugutan; at ito ay ang mismong pag-uugat sa mga realidad ng buhay na puno ng suliranin, mga paghihirap, at pakikipagtagisan sa bawat araw.

*Mga Lumitaw na Isyu, Suliranin, at mga Hamon mula sa Pakikipagkuwentuhan*

Sadyang napakayaman ng karanasang makakalap mula sa mga pakikipagkuwentuhan. Napagtanto ng mananaliksik na kahit nasa murang edad pa lamang ang mga kabataang babaeng kalahok sa pakikipagkuwentuhan, maituturing na hindi biro ang kanilang mga pinagdaanan at patuloy na pinagdaraanan sa buhay. Ang kanilang mga sariling prinsipyo, pananaw, at paniniwala na nakaugat sa mga di-birong alalahaning pampamilya, ang siyang puso ng pag-aaral na ito. Bilang tugon sa ikatlong layunin ng pananaliksik, narito ang ilan sa mga lumitaw na pangunahing isyu, suliranin, at mga hamong sinisikap na tugunan.

1. Mga Binabalikat na Responsabilidad sa Pamilya, Kaibigan, Pakikipagrelasyon, at Sarili

**A**langaning bata, alanganing matanda ang turing sa kabataang babaeng nasa edad 18 hanggang 20 taong gulang. Magkakaiba ng kinalakhang pamilya, estado ng pamumuhay, at mga karanasan, na siyang humubog sa kani-kanilang pananaw, at paniniwala sa buhay. At sa ayaw nila't sa gusto, naging handa man o hindi, ang responsabilidad kakabit ng pagiging nasa hustong gulang ay pagtalima sa itinakda ng lipunan na dapat nauunawaan, ginagawa, at ginagampanan nila.

Ang *pressure* sa pagiging mabuting modelong anak at mabuting estudyante ang pangunahing bitbit ng ilan sa mga kabataang babae na kinasanayan nang nakatatanggap ng parangal, o sa mga may nais patunayan bilang pagbawi sa mga magulang na umaasang makapagtatapos siya ng pag-aaral. Nagiging suliranin din ang mga guro na hindi nila nakakasundo dahil sa pagiging labis na estrikto, maging ang mga kaibigang nagiging masamang impluwensiya sa mga yayaan ng inuman, pagka-cutting classes, at pakikipag-away. Ang pagiging mabuting anak o kapatid naman

ang madalas na nagiging isa sa mga binabalikat na responsabilidad ng kabataang babae. Hindi dahil sa nagkataong panganay na anak sila kaya nagiging responsabilidad nilang maging tagapag-alaga ng mga nakababatang kapatid; kung minsan, maging ang mga bunso, nagiging mga tagapag-alaga rin ng mga pamangking nakapisan. Ang iba, gaya ng mga nasa gitna ng magkakapatid, ang siya namang inaasahang magtrabaho upang makapagpatuloy sa pag-aaral. Isa si Justine sa mga panganay na naniniwalang dahil siya ang panganay, kasama sa kaniyang responsabilidad ang asikasuhin ang mga nakababatang kapatid kapag wala ang kanilang mga magulang, habang nananatiling isang mabuting ehemplo sa kanila sa pag-aaral.

Malaki rin ang gampanin ng masasakit na alaalang sangkot ang pamilya. Ang mga kuwento ng pagkakakulong ng ama, paghihiwalay ng mga magulang, pagbubulakbol ng kapatid, at pisikal/berbal na pananakit ng magulang/kapatid ay pawang mga kuwento ng kanilang realidad ng buhay. Kahit ilang taon na ang nakalipas, nananatili pa rin ang mga alaalang ito sa kanilang kamalayan at itinuturing pa rin nila itong mapait na bahagi ng kanilang kabataan na hanggang sa pagdadalaga ay dala-dala nila. Gaya na lamang ng naranasan ni Lindsay na isang 18 taong gulang na sa murang edad ay kinailangang tanggapin ang katotohanang watak-watak ang kanilang pamilya.

> Maliit pa po ako no'ng makaranas ng buo 'yong pamilya. Di ko na rin po kasi alam kung kailan ulit mararanasan'yon kasi matagal na rin po kasi Ma'am e. Simula po no'ng nag-abroad si Mama. 4 years old po…4 o 5. Matagal-tagal na rin po Ma'am. Nag-Taiwan po siya tapos do'n na rin po nagsimula 'yong lokohan nila. Tapos no'ng pumunta dito si Mama, bumalik, do'n na po nangyari na nabuntis pala si Mama. Tapos po 'yong sumunod po sa akin, tinanggap naman po 'yon ni Papa kasi wala naman daw pong kinalaman 'yon. Kaya ayun, nagsama pa rin po sila no'n. Tapos 'yong sumunod na, parang nagkalabuan na po sila no'ng nangyari po 'yon. (Lindsay 2020).

Maging ang hindi detalyadong paliwanag ni Cassie, 18 taong gulang, sa kaniyang pag-iwas na pag-usapan ang kaniyang papa na umabandona sa kanilang pamilya ay isang pahiwatig na hindi ito magandang bahagi ng kaniyang alaala't karanasan.

> Ewan ko do'n kung nasa'n (Papa niya). 4 years na, no'ng Grade 8 pa lang ako. Kaya laging walang napunta sa meeting (Parent–Teacher's Conference) ko. Si Kuya, busy sa work niya, si Ate, busy sa work niya, si Mama, nag-aasikaso sa bahay. Kaya walang napunta sa meeting. Ako lang. (Cassie 2020)

Nagiging isyu/suliranin din ng kabataang babae ang mga sitwasyon at pangyayaring sangkot ang mga kaibigan, kung gaano kahirap ang makisama sa mga kamag-aral, maging ang mga karelasyon o kasintahang ikinahihiya sila, o tinututulan ng magulang, kasama na rin ang hindi pagkakaunawaan, at takot mismo sa pagpasok sa relasyon. Gaya na lamang ni Yuki nang sumama sa pagsugod sa may atraso sa kaibigan. Sa kabila ng personal na takot, sumama siya sa pangkat bilang suporta kahit alam niya ang posibleng kahinatnan nito at sa kabila rin ng dati niyang trauma sa lalaking nang-i-stalk sa kanya noong elementarya pa siya.

> Hindi po Ma'am, kasi mga lalaki yun e. Hindi po yun kaya, Ma'am. Di po ako humarap talaga. Kasama po nila ako pero hindi po ako yung, "Ano Mac, ba't mo ginaganyan si Anne?" Hindi po ako gumanon kasi nga Ma'am, lalaki yun, Ma'am e. Ang liit-liit ko Ma'am, baka pigain pa 'ko nun e. Kasi Ma'am, mas malakas 'yong puwersa ng mga lalaki. Kunwari po, pinagtangkaan ka niya. Mas malakas po 'yong puwersa niya. Wala ka pong magagawa. Siguro Ma'am, manlalaban ako pero siguro kasi, malakas mga napapanood ko po. Mas malakas (ang) mga lalaki, gano'n. Malakas po 'yong puwersa." (Yuki 2020)

Ang pangangalaga naman ng kabataang babae sa kanilang imahen bilang malakas, pagkawala ng motibasyon sa trabaho, kalungkutan sa pag-iisa, kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan, mga pagkakataong pakiramdam nila'y nasisikil ang kanilang tunay na sarili sa bahay ang siya namang kinahaharap nilang mag-isa. Hindi nila ito naipagsasabi sa iba sa maraming dahilan. Gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, hangga't maaari, ang mga isyu't suliranin nilang kinahaharap sa buhay ay mapagtagumpayan nila nang buong tapang, kahit pa sa mga mata lang ng sinumang nakakakita sa kanila.

2. Pag-abot sa Inaasahan ng Komunidad, Pagsisikap sa Sariling Pag-unlad, at Pagpapahalaga sa Napagtantong Realidad Bilang Hamon sa Kabataang Babae

Sa kabila ng mga isyu/suliraning naranasan ng kabataang babae, nagsisilbing hamon naman sa kanilang abutin ang mga inaasahan sa kanila ng komunidad na kanilang ginagalawan upang hindi maging kabiguan sa kanila. Gaya na lamang ni Pau na inaming naligaw ng landas pero nagising na sa wakas kaya nagsusumikap nang ayusin ang sarili.

> Sabi ko sa sarili ko, galing na ’ko sa maling sistema. Galing na ’ko sa pagrerebelde kasi na-kick-out po ako sa Mary Mount as student, kumbaga, andito na ’ko sa MNHS Main. Pa’no pag na-kick-out po ako? Ano na lang ’yong tingin ng mga magulang ko sa ’kin na bunso ako tapos ’yong mga ahead sa ’kin nakakaangat na. Sabi niya (papa niya) po sa akin, “Umayos ka.” Na magtapos ako nang “with honors.” So ako po, nagpursigi ako as with honors.” (Pau 2020)

Ang kamalayan din na ang anomang pagsusumikap ay para sa ikabubuti rin ng sarili ang nagsisilbing motibasyon nila upang magtapos ng pag-aaral, magplano para sa kolehiyo, mangarap para sa sarili’t pamilya, at mahamon pa ngang maging independent. Ito ang mga hamon kay Cassie ngayong senior high school na siya na sinusuportahan sa pag-aaral ng kaniyang ate at kuya na nasa hustong gulang na sana upang mag-asawa subalit piniling unahin ang kaniyang kinabukasan. Para kay Cassie, nauunawaan niyang hindi niya ito dapat sayangin; bagkus, dapat niyang pahalagahan sa pamamagitan ng lalong pagsusumikap sa kaniyang pag-aaral. Sa kaniyang kabataan, batid na niyang hindi madaling kumita ng pera kaya ayaw na ayaw niyang maging pabigat sa mga kapatid na nagpapaaral sa kaniya. Ang mga hamon sa kabataang babae gaya nito ang nagtutulak sa kanila upang lalo pang magpursigi sapagkat alam nilang para rin naman ito sa kanilang sariling pag-unlad sa hinaharap.

Ang kakayahan ding magnilay at magmuni-muni ng kabataang babae ang minsan ding nagbibigay sa kanila ng pagkakataon upang hamunin ang sarili sa mga napagtatantong mga bagay-bagay sa kanilang buhay, mga nangyayari sa kapaligiran, at mga suliraning pinagdaraanan. Ilan sa mga ito ang pagkilala ng mabuti sa pipiliing karelasyon, pagkapit sa direksiyon na laan ng Diyos, at higit na pagpapahalaga sa pamilya’t kalusugan. Sa biglang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa at pagpapasya ng pamahalaan ng *lockdown* sa bawat barangay, higit ngang napagtanto ni Cassie ang kahalagahan ng pamilya at kalusugan.

> Mahalaga talaga ’yong pamilya. ’Yong kahit saan ka pumunta, pamilya mo ’yong sasandalan mo. Tingnan mo, may pandemic, pamilya mo lang kasama mo. Kahit anong oras, pamilya mo lang ang masasandalan mo. Tapos, mahalaga talaga’yung kalusugan kasi kung hindi mo inaalagaan kalusugan mo, mauuna ka pumanaw kahit gaano ka pa kabata. Oo nga, Ma’am! Kahit gaano ka ba kabata, kung di mo inaalagaan sarili mo—magyosi ka, mag-inom ka, kumain ka ng di magagandang pagkain, tapos ’yang buhay mo, di ba? (Cassie 2020)

Ang personal na karanasan din ni Rica bilang tita ng kaniyang mga pamangkin ang nagmulat naman sa kaniya na hindi madali ang magpamilya sa kaniyang edad. Batid niya ang hirap ng buhay dahil sa paaral lang din siya ng kaniyang Ate at ang pagiging katuwang niya bilang tita sa mga pamangkin sa pag-aalaga sa mga ito habang nag-aaral ay hindi biro.

> Nag-jojowa-jowa lang ako, Ma’am pero ’yong iniisip na magkakaroon ng sariling pamilya, wala po sa isip ko’yon e. Ewan ko Ma’am, pero di sumagi sa isip ko ’yung gano’n na magkakaroon ako ng pamilya ko, gano’n. Di ko po alam. Siguro nadala lang din sa loob ng bahay. Ang hirap po kasi lalo pag nagkakasakit po sila. Sobrang hirap. Todo puyat talaga kami pag may mga sakit po sila. Kaya parang natatakot na rin po ako. (Rica 2020)

Mula sa mga natipong kuwento ng mga kabataang babae, mapagtatantong bagama’t sari-saring hamon ang kanilang kinakaharap sa buhay, pinahahalagahan pa rin nila ang pagseguro sa kanilang kinabukasan. Nauunawaan nilang upang maabot nila ang kanilang mga pangarap, kailangan nila ang tulong ng kanilang mga kapamilya na maitaguyod sila, at sariling pagsisikap na ring muling tumindig sa mga pagkakadapa at pagkatuto sa mga karanasan ng mga kapamilya.

3. Ang Sandata, Pananggalang, at Pagsuko't Pagpapasakop Bilang Solusyon ng Kabataang Babae

Sa bawat isyu/suliranin at hamong kinaharap ng kabataang babae, iba't ibang pamamaraan ang minarapat nilang gawin upang tugunan o solusyonan ang mga ito. Ang kanilang mga naging pagkilos sa mga ito ay maikakategorya naman sa tatlong tema: pagturing sa solusyon bilang (1) sandata, (2) pananggalang, at (3) pagsuko at pagpapasakop.

Ang harapang paggigiit at pakikipagpilitan upang agaran o mabilisang solusyonan ang kinahaharap na isyu/suliranin at hamon ay nagagawa ng kabataang babae sa mga pagkakataong nadarama nila o batid nilang kailangan nilang ipilit ang solusyong sa palagay nila ay tama at dapat, sa pagkakataong nasusukol sila ng sitwasyon. Ang mga pasyang maaaring pagsisihan sa huli gaya ng pakikipag-away, pakikipagkopyahan, pakikipaghiwalay, pagsusumbong, o mga pasyang lalong nakapagpapatatag sa kanilang karakter gaya ng pagiging matulungin/pakikipagtulungan, pagtatrabaho/pagsusumikap, at pakikiusap. Gaya ni Cassie na hirap sa ilang asignatura ng kaniyang *strand* na Accountancy, Business, and Management (ABM), solusyon niya ang lapitan ang mga kaklase at pagtanungan kung tama ba ang kaniyang sagot, o kung paano dapat sagutin ang tanong. Sa ganitong paraan kasi siya higit na napapanatag lalo pa't nahihirapan siyang unawain ang asignaturang inihihingi ng tulong sa mga kamag-aral.

> Ang hirap intindihin pag mag-isa ka lang, dapat talaga grupo kayo e. Pag sarili mo lang kasi, "Uy tama ba 'to? Parang mali, kahit tama." Kailangan kong pumunta sa ibang tao, ang dami ko kayang *error*. Tama na 'yong sagot ko binabago ko pa nung first sem. Nung second sem, nagtiwala na ko sa sarili ko, ayun tsamba naman tama. 'Yon 'yong advantage ng ABM para sa 'kin, nagtutulungan. Kasi no'ng grade 10 kami, nagpapataasan kami (ng grades). Pero no'ng senior high, talagang tulungan basta maka-graduate kahit hindi na with honors basta umangat ka lang. Para pag nagtrabaho kayo, magkikita pa rin kayo." (Cassie 2020)

May mga pagkakataon naman na ang solusyon ng kabataang babae ay tila pananggalang nilang gamit sa mga pagkakataong batid nila na maaari silang masaktan o makasakit ng taong pinahahalagahan nila sa buhay. Ito ang mga pagkakataong pinipili nilang maglasing, umiwas sa pakikipag-usap, hindi pagsama sa mga kaibigan/barkada, pagtitimpi, pakikisama, paglilihim, at pagganap sa tungkulin sa tahanan. Gaya ni Lindsay na kilalang-kilala na ang papa niyang mainitin ang ulo lalo't uuwi ng bahay nang marumi. Kaya naman nagkukusa na siyang tiyaking malinis ang bahay bago umuwi ang papa niya galing sa trabaho para hindi siya mapagalitan at mapagbuhatan ng kamay.

Samantala, nagiging solusyon din naman ng kabataang babae ang pagsuko at pagpapaubaya sa mga pagkakataong batid nila sa sarili na wala na silang iba pang magagawa kundi ang tanggapin ang sitwasyong kinalalagyan nila. Halimbawa nito ang mga pasya nilang magsawalang-kibo na lang at unawain ang kapatid o pag-amin sa mga nagawang pagkakamali, paghingi ng gabay sa mga nakatatanda, pag-unawa at pagpapatawad, at pagpapaubaya sa tadhana. Gaya na lamang nina Aya at Lindsay sa kanilang naging karanasan sa paghihiwalay ng mga magulang.

> Kasi 'yong bunso namin, wala na siyang kinilalang tatay. Kailangan'yung bunso, hindi sasabihan ng masasakit na salita, ng kung ano-ano. Parang lalo siyang nagrerebelde sa amin kaya minsan po, hindi na namin pinapakialaman kahit madaling araw na nauwi." (Aya 2020)

> 'Yung family po na gusto mong buo pero parang hindi mangyayari. Gusto ko po para may araw na masaya ako, na may nadadamayan ako. Tapos ayaw ko kasi mangyari ulit 'yong gaya ng dati. Ayaw ko na rin po kasi 'yong sakitan. Masaya na po ako sa anong meron sila ngayon. Siguro, ako na lang po mag-a-adjust. Bilang isang anak at bilang isang babae, ayaw na ayaw ko 'yong ganitong sitwasyon namin, lalo na hiwa-hiwalay kami. Naiintindihan ko naman po, no choice po kasi. Saka ayaw na po nila. Sabi nga po nila, pag ayaw na, huwag na lang po pilitin. 'Yun po 'yong dapat kaya okey na rin po sa akin. (Lindsay 2020)

Maaaring ipagpalagay na sadyang iba na nga ang mga kabataang babae ng ating panahon. Mabigat ang hamon na kanilang kinakaharap kaya sa murang edad, kinakailangan na nilang matutuhang tanggapin ang kanilang realidad gaano man ito kasakit o kahirap. Mababakas sa mga ibinahaging karanasan ang iba't ibang pangangailangang maging seryoso sapagkat

seryoso rin ang buhay. Bagama't mura pa ang kanilang mga puso't damdamin, kailangan nilang matutuhang mag-isip at dumama bilang *mature* gaya ng mga hinog na ang isipan.

Narito ang sipi ng ilang halimbawa ng mga nabuong naratibo mula sa isinagawang pakikipagkuwentuhan. Bagama't mayaman at sadyang malaman ang mga ibinahaging kuwento ng 17 kabataang babaeng nakapanayam, maituturing na pinakamadetalye ang mga naibahagi nina Cassie, Lindsay, at Justine.

## Kuwentuhan Tayo! Sina Cassie, Lindsay, at Justine

### Ang Maprinsipyong si "Cassie"

Nasa Baitang 8 si Cassie nang iwanan ng tatay nila ang kanilang pamilya. Aminado siya na sa mga panahong iyon, lustay siya sa perang ibinibigay sa kaniya ng ate at kuya niya. Kung minsan pa nga'y nagsisinungaling siyang may proyektong kailangang bayaran para magkaroon pa siya ng dagdag na pera. Bunso siya sa apat na magkakapatid, at sila ang nagpapaaral sa kanila ng natitira niyang ate na di pa rin tapos sa kolehiyo.

Hindi lingid sa kaalaman niya na labis ang pagmamahal ng nanay niya sa kaniya, na para sa kaniya, kung minsan, nakakairita na. Pero nauunawaan niya ang nanay niya. Alam niyang takot lang ito na matulad siya sa isa niya pang ate na nabuntis nang hindi pa tapos sa pag-aaral. Pero para sa kaniya, wala dapat ikatakot ang nanay niya dahil siya mismo, takot. Ang obserbasyon niya sa mga magkakarelasyon na nagkakaanak na sa loob ng tatlo hanggang apat na buwan ang nagbigay sa kaniya ng realisasyon na may mga lalaking makakasira lang sa buhay mo, na ang gusto lang nila, katawan mo, at kapag naibigay mo na, iiwanan ka na. Kaya para sa kaniya, hindi niya para sirain ang buhay niya sa lalaki.

Para kay Cassie, malaki ang naging epekto sa kaniya nang makakilala sa Panginoon. Napagtanto niya na hindi biro ang pagtatrabaho ng ate at kuya niya para may maibigay sa kaniyang baon sa eskuwela. Na wala siyang karapatang magloko sa pag-aaral at sa halip, kailangan niyang magsipag sa pag-aaral dahil pinapag-aral siya sa kabila ng husto na sana ang gulang ng mga kapatid niya para mag-asawa na at bumuo ng sariling pamilya. Namulat siya sa kahiya-hiyang pagloloko niya noon kaya gusto niyang suklian ngayon ang pagod at sakripisyo ng mga kapatid niya sa pagtatrabaho para maipagpatuloy niya ang pag-aaral niya. Kaya iniisip din niyang kapag nagtapos na siya ng senior high school, magtatrabaho muna siya at nang makaipon ng pangmatrikula sa kolehiyo.

Ayaw niya nang umasa sa mga kapatid niya upang pag-aralin pa siya sa kolehiyo hanggang makapagtapos. Hindi siya kailanman sinumbatan ng mga ito pero para sa kaniya, kailangan niyang matutuhang tumayo sa sarili niyang paa at huwag nang maging alalahanin pa ng kaniyang pamilya. Maigting ang pagnanais makapagtapos ng pag-aaral at umunlad ayon sa sarili niyang tiyaga at pagsusumikap.

### Ang Mapagparayang si "Lindsay"

Kahit pa si Lindsay na lang sa kanilang tatlong magkakapatid ang natitirang kasama ng papa niya sa bahay, hindi sila naging malapit na mag-ama. Laking-lolo at lola siya dahil lagi ring nasa trabaho ang papa niya. Hindi rin siya naging malapit sa mama niya lalo pa't malayo na ito sa kanila, may sarili nang pamilya. Bumukod na rin ang mga kuya niya at nakikisama na sa kani-kanilang mga nobya. Nag-iisa siyang babae at bunso sa magkakapatid kaya naniniwala siyang ang paghihigpit ng papa niya sa kaniya pagdating sa pakikipagrelasyon ay dahil ayaw nitong matulad siya sa mga kapatid na hindi nagtapos ng pag-aaral.

Nasa 4 o 5 taong gulang pa lang siya nang magpasyang maghiwalay ang mga magulang niya. Nang umuwi galing Taiwan ang mama niya noon at buntis sa ibang lalaki, pinatawad at tinanggap daw iyon ng papa niya. Pero nang naulit ito at nabuntis sa iba na namang lalaki, nagdesisyon na silang maghiwalay, lalo pa't nagkakasakitan na rin sila. Kaya sa totoo lang, hindi na rin talaga niya matandaan ang pakiramdam nang may buong pamilya.

Hindi ikinakaila ni Lindsay na nagkaroon siya ng sama ng loob sa mga magulang niya noon. Nagtapos siya ng elementarya na hindi man lang nakadalo ang mama at papa niya. Doon niya higit na naramdaman na mag-isa lang siya. Habang ang mga kaklase at kapuwa niya magsisipagtapos, inayusan at kasa-kasama ang mga magulang nila, siya naman, mag-isang gumising, pumunta sa paaralan, at nanghiram lang ng pulbo at pang-ayos sa kaibigan niya. Kapag binabalikan niya ang alaalang ito, naiiyak pa rin si Lindsay. Napawi lang ang lungkot niya nang makita niya ang lola niya. Para sa kaniya, kahit paano, dumating ang lola niya.

Hindi siya mag-isa lang. No'ng araw ding iyon, tanda niyang kinausap rin siya ng tita niya na intindihin na lang ang sitwasyon at huwag magtatanim ng sama ng loob sa mga magulang niya kahit ganoon ang nangyari. Kaya naman, inintindi niya na lang din, gaya ng payo sa kaniya.

Lahat naman siguro, gusto ng buong pamilya. Alam ni Lindsay na iyon man ang gusto niya para sa sarili para may karamay siya sa mga problema, imposible na rin ito. May sari-sarili nang buhay ang mama niya, ang mga kuya niya, at ang papa niya na paiba-iba ng nobyang inuuwi sa bahay nila para ipakilala. Alam din niyang mas mabuti na rin iyong may kani-kaniya na silang buhay at huwag nang balikan pa ang dating magkakasama nga sila pero puro sakitan.

Mapanakit kasi talaga ang papa nila. Iyon ang pinaniniwalaan ni Lindsay na dahilan ng paghihiwalay ng mga magulang niya. Bagama't kinalakihan niya nang nasisipa, nababatukan, naduduro, at namumura ng papa niya kapag may ginawa siyang hindi nito nagustuhan, nagulat pa rin siya nang sampalin siya nito sa paaralan nang mabistong may nobyo siya roon, lalo pa't maraming tao noon. Unang beses rin itong ginawa sa kaniya. Pero naniniwala siyang nadala lang ang papa niya ng galit. Iyon din ang ipinaliwanag sa kaniya ng lola niya kung bakit siya nasampal. Alam niyang gusto lang ng papa niya na makapagtapos siya ng pag-aaral at iyon din ang gusto niya para sa sarili.

Sa ngayon, pinipili niyang maging masaya sa kung anong mayroon sila ngayon. Sa ano mang bagay na madarama niyang kulang, napagpasyahan na lamang din niyang siya na lamang ang mag-a-adjust.

**Si "Justine," ang Responsableng Mag-aaral**

Panganay si Justine sa anim na magkakapatid. Damang-dama niya ang bigat ng responsabilidad dahil maliliit pa ang mga kapatid niya. Siya ang inaasahang mag-asikaso sa kanila kapag wala ang nanay at tatay nila. Alam niyang kailangan niya ring maging mabuting ehemplo sa kanila lalo na sa pag-aaral. Gusto niyang makatapos ng pag-aaral para sa mga kapatid niya, at makakuha ng magandang trabaho para sa kanilang pamilya.

Kahil kailan, hindi siya pinressure ng mga magulang niya na mag-aral nang mabuti. Pero kinasanayan niya na mula Kinder hanggang Baitang 9 na maging bahagi ng top students. Kaya nung Baitang 10 at hindi siya nakasali, wala siyang nadamang pagkagalit o pagkadismaya mula sa kanila. Siya lang ang nakadama no'n para sa sarili.

Aminado si Justine na nahirapan siyang balansehin ang oras niya sa pag-aaral at responsabilidad sa simbahan bilang youth president noong panahong iyon. Nasanay siyang laging nasa listahan ng honor students, at naging topnotcher siya noong k'warter na iyon kaya nagtaka ang mga kaibigan niya nang hindi siya napasama sa top noong graduation. Masaya siya para sa mga kaibigan niyang tinatawag sa entablado para sabitan ng medalya pero di niya maikakaila ang labis niyang pagkalungkot at panghihinayang. Gusto rin kasi sana niyang maranasang umakyat ng entablado kasama ang mga magulang niya para masabitan din sana ng medalya. Sa kabila ng lahat ng panghihinayang, alam niya sa sarili na may pagkukulang siya. Kaya ginawa niya ang pangyayaring iyon bilang motibasyon para magsumikap at ibigay ang lahat ng makakaya niya ngayon. Batid niyang ano man ang maging resulta, kampante siyang wala na siyang pagsisisihan.

Gusto ni Justine na maging doktor sa hinaharap. Sa kabila ng pandemya at pagiging saksi sa hindi magandang kalagayan ng mga doktor at nars bilang *frontliners* sa bansa, hindi nito napabago ang isip ni Justine, bagkus ay tumindi pa nga ang kagustuhang maging doktor at paglingkuran ang mga may karamdaman. At kahit pa parang walang pagbibigay-pugay sa mga sakripisyo ng mga doktor at nars ngayong pandemya ng mismong mga nakaupo sa puwesto, napagtanto niyang higit ang kahalagahan ng pagkilatis nang maigi sa mga karapat-dapat na iboto sa parating na eleksiyon.

**Ilang Pangwakas na Kuwento**

Sa konteksto ng mga nabuong kuwento ng kabataang babae, ang kani-kanilang pagtingin sa sarili, sa kapuwa, o sa buhay ay sumasalamin sa taglay nilang lakas. Tumitingkad ito sa iba't ibang pamamaraan at pagtugon nila sa kani-kanilang mga isyu/suliranin, at hamon sa mga sitwasyong pinagdaraanan. Maaaring itinulak lamang sila ng pagkakataon dahil sa kanilang kinasadlakang sitwasyon o kinaharap na realidad subalit malinaw na tumugon sila bilang sila— bilang mga kabataang babaeng nagsusumikap na mabuhay sa gitna ng mga kinakaharap na pagsubok. Nakaririwasa man sa buhay, simple lamang ang katayuan, o kapos man sila sa sosyo-ekonomikong kalagayan, tumutugon sila batay sa kanilang sariling pagkaunawa at alam na

diskarte sa buhay.

Lumabas din sa pag-aaral na ang kalimitang isyu/suliraning ibinahagi ng kabataang babaeng kakuwentuhan ay ang pagtayo sa responsabilidad bilang panganay, pag-aalaga sa mga pamangkin, pressure sa gawaing pampaaralan, masamang impluwensiya ng barkada sa pag-aaral, estriktong guro, transisyon mula harapang pagkatuto tungong *distance learning,* suliranin sa pinagtatrabahuhan, pagkakadakip at pagkakakulong ng ama, pambababae ng ama, panlalalaki ng ina, pagkakawatak-watak ng pamilya, pisikal/berbal na pananakit ng pamilya, pagiging *over protective* ng ina, suliraning pinansiyal, pagbubulakbol ng kapatid, pagtatanggol sa kaibigan, pakikisama sa mga kamag-aral, mga kaibigang sa saya lang maaasahan, *long distance relationship* (LDR), pagtutol ng ina/kaibigan sa pinasok na relasyon, pakiramdam na ikinahihiya ng kasintahan, pag-ayaw at pagkatakot sa pakikipagrelasyon, kalungkutan sa pag-iisa, pagkasikil sa tunay na sarili sa bahay, pangangalaga sa imahen ng pagiging astig/malakas, at kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan. Maigting din ang hamon sa kanila upang panindigan ang imahen ng kaastigan, maging responsableng mag-aaral, kapatid, at anak, magwaksi ng galit sa magulang, maging independent, abutin ang pangarap, magtapos ng pag-aaral, magplano sa kolehiyo, pahalagahan ang pamilya't kalusugan, pagkilalang mabuti sa pipiliing karelasyon, at pagkapit sa direksiyon na inilaan ng Diyos. Samantala, sinosolusyonan nila ang kanilang mga suliranin sa pamamagitan ng pagmumura, panunugod at paghahamon ng away, pagiging matulungin, pagsusumikap sa pagtatrabaho, pakikipagkopyahan at/o pagtutulungan, pakikipaghiwalay sa kasintahan, pakikiusap, pagpapasaway sa trabaho, paghahanap ng pagkakakitaan, pag-inom/pag-iwas sa alak, pag-iwas sa pakikipag-usap, pag-iwas na makagrupo ang barkada, paggampan sa tungkulin sa bahay, hindi pagpasok sa relasyon/paglilihim sa karelasyon, pagtitimpi at hindi pagpatol sa pang-aaway/pananakit, pakikisama, pag-amin sa pagkakamali, pagpapa-counsel/paghingi ng gabay, pag-unawa, pagtanggap at pagpapatawad, at pagpapaubaya sa kapatid.

Malinaw sa mga kuwento ng danas ng kabataang babaeng kakuwentuhan na buo na ang konsepto nila ng suliranin, hindi pa man sila tumutuntong ng 18 taong gulang. Iniinda nila ang mga ito, sila man o hindi ang direktang may kaugnayan sa suliraning iyon. Itinuturing nilang suliranin ang ano mang sitwasyon na naghahatid sa kanila o sa mahahalagang tao sa kanilang buhay ng lumbay, at kabiguan gaano man ito katagal nang naganap. Gayunman, pinipili nilang magpatuloy sa pag-asang hatid ng kani-kanilang pagtanaw sa mga hamon sa kanila ng buhay. Lumitaw rin sa pag-aaral na ang mga kilos at pagpapasya nila upang solusyonan at kilusan ang mga ito ang nagpapalutang sa kanilang angas na siya nilang lakas upang manatiling sumusulong at hindi magpagapi sa lungkot at pagkabigo.

Maangas ang mga kabataang babaeng nakakuwentuhan dahil may angas sila sa kanilang pagsisikap na mabuhay nang may dignidad sa bawat araw. Nagkamali man sila sa ibang naging desisyon; ang mahalaga, nagkaroon sila ng realisasyon na kailangan nilang magbago at ituwid ang mga naging desisyon. Mahirap ang buhay at nauunawaan nila ang katotohanang ito; isang dahilan marahil kung bakit kinakailangan din nilang maging "maangas" sa kanilang mga sarili upang mahanap nila ang kanilang lakas bilang mga kabataang babae.

## SANGGUNIAN

### *Mga Nakalimbag na Aklat at Pag-aaral*


Bradley, H. (2013) 'Gendering and class: Growing up girl, growing up boy', *Gender*. Polity Press.

Cantor, D.W. and Bernay, T. (1992) Women in power the secrets of leadership. Boston Mass. Houghton Mifflin Company.

Dobson, A.S. (2014) 'Performative shamelessness on young women's social network sites: Shielding the self and resisting gender melancholia', *Feminism & Psychology*, 24, pp. 97-114. doi:10.1177/0959353513510651.

Giant, N. and Beddoe, R. (2013) Surviving girlhood: Building positive relationships, attitudes, and self-esteem to prevent teenage girl bullying. London. Jessica Kingsley Publishers.

Gastardo-Conaco, M.C. (2019) 'Pakikiramdam and kapwa: Reading emotion in a personalistic culture', *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino 2*: Gamit, Inedit ni Pe-Pua, R., University of the Philippines Press.

Javier, Jr. R.E. (2008) 'Bawal ba ang sex...ligaw... inom... pati puyat? Ilang karanasan ng lalabintaunin na halaw sa mga pag-aaral ng mga lasallian. *Malay Journal*, 21(1). doi:10.3860/malay.v2li1.688.

Javier, Jr. R.E. (2008) Kaasalang sekswal at kaalaman sa HIV/AIDS ng mga lalabintaunin. *Malay Journal*. doi:10.3860/malay.v19i3.393.

Javier, Jr. R.E. (2018) 'Pangpamamaraang kaangkinan

ng pakikipagkuwentuhan', *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino 1: Perspektibo at Metodolohiya*, Inedit ni Pe-Pua, R., pp. 534–557. University of the Philippines Press.

Lips, H. (2006) 'Self-confidence, courage, and femininity'. *A New Psychology of Women: Gender, Culture, and Ethnicity*. Boston: McGraw Hill.

Mabanglo, R. (2009) Wika at katauhang babae: Mula mito hanggang panahong moderno. *Malay Journal*. Tomo 22 Blg. 1, pp. 85–90.

Ofreneo, R. (1999) Tinig ng kapangyarihan: Mga kuwentong buhay ng kababaihang manggagawa sa bahay. University of the Philippines Press.

Orteza, G. (2018) 'Pakikipagkuwentuhan: Isang pamamaraan ng sama-samang pananaliksik, pagpapatotoo at pagtulong sa sikolohiyang pilipino', *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya*, Inedit ni Pe-Pua, R., pp. 519–533. University of the Philippines Press.

Palmes, D.F. (2016) KABARO: Mga tabas at disenyo ng pagpapasiya ng mga pangunahing tauhang babae sa walong piling premyadong nobelang pilipino ng GEL3 power (1980–2011). Dissertation. De La Salle University Manila.

Pe-Pua, Rogelia. (1982) Sikolohiyang pilipino: Teorya, metodo, gamit. pp.187–193. UP Press.

---. (2018) Handbuk ng sikolohiyang pilipino 1: Perspektibo at metodolohiya. UP Press.

Plasencia, N. (2008) Ang tambaloslos bilang dalumat sa pagbasa/g sa mga nakakahong larawan ng babae sa anim na nobelang filipino na may gawad palanca (1984- 2005). Dissertation. De La Salle University Manila.

Quindoza-Santiago. L. (2010) 'Si Jose Rizal at ang kababaihang pilipino'. *Kababaihan sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino*, Inedit nina Jose, M. at Atoy, M. pp.127–133. C&E Publishing, Inc.

Ramos, K. (2018) Ekstraksyon sa kuwentong buhay ng mga piling kwaredora: Pagtatampok sa mga kusgang imahe ng mga babae sa balas-balas. Graduate. De La Salle University Manila.

Sta. Maria, M. (2018) 'Filipinos' representations for the self', *Handbuk ng Sikolohiyang Pilipino Bolyum 1: Perspektibo at Metodolohiya*, Inedit ni Pe-Pua, R., pp. 348-367. University of the Philippines Press.

Tabernero, G. (2013) Ang marhinalisasyon, at potensyal na kapangyarihan ng mga konstrak ng pagkababae na nakapaloob sa programang face to face. De La Salle University, Manila.

Torres-Yu, R. (2000) Sarilaysay: Tinig ng 20 babae sa sariling danas bilang manunulat. Anvil Publishing, Inc.

Wright, M.T. (2004) Rulebook women. De La Salle University Press.

Zafra, R.B. (2017) Danas at dahas: Mga kuwento ng pang-aabuso sa ilang firipina tsuma ng batis aware, inc. sa japan. Saliksik E-Journal Tomo 6, Blg. 2., pp. 197–233.

***Mga babasahin at online video***

Besheer, M. "South Africa's Miss Universe Aims to Empower Women, Girls ." VOA News, 17 Jan. 2020, https://www.voanews.com/africa/south-africas-miss-universe-aims-empower-women-girls. [Accessed 16 Mar. 2020]

Besley, T. (2019) Theorizing Teacher Responsibility in an Age of Neoliberal Accountability. Beijing International Review of Education.

Bokova, I. (2013). Promise is a promise: Time for action to end violence against women. [online] Available at: https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000219639?posInSet=2&queryId=e7e40d45-d7b2-4974-a178-cee964b953c4 [Accessed 13 Jul. 2019]

Gershoff, E. (2017) 'School corporal punishment in global perspective: prevalence, outcomes, and efforts at intervention'. *Psychology, Health & Medicine*, (224–239), DOI: 10.1080/13548506.2016.1271955.

GMA Public Affairs. (2020) GMA digital specials: Sino ang middle class? https://www.youtube.com/watch?v=qO_XltVKsaw. Accessed 16 Apr 2020.

Hindin, M.J. and Linda S.A. (2002) 'Who's at risk? Factors associated with intimate partner violence in the philippines', *Social Science & Medicine*. Pergamon. https://www.sciencedirect.com/sdfe/reader/pii/S0277953601002738/pdf.

Mampane, ST. (2018) Exploring the Practice of In Loco Parentis in Public Schools. Education in Modern Society BCES Conference Books 16, pp. 183-188. Sofia Comparative Education Society.

Morley, C. (2008) 'Critical reflection as a research methodology', *In Knowing Differently: Arts-Based and Collaborative Research*. Ed. P. Liamputtong, J. Rumbold. pp. 265–280. Nova Science Publishers, Inc.

Mortari, L. (2015) Reflectivity in research practice: An overview of different perspectives. International Journals of Qualitative Methods. DOI: 10.1177/1609406915618045ijqm.sagepub.com.

Nuncio, R. (2009) Pagdalumat-salita tungo sa pagteteoryang filipino. Kritikasatabitabi. https://kritikasatabitabi.wordpress.com/2009/12/06/pagdalumat-salita-tungo-sa-pagteteoryang-filipino/. Accessed 7 Jan 2021.

Rizal, J. (1889) Ang liham ni dr. jose rizal sa mga kadalagahan sa malolos, bulakan. Epistorario Rizalino II, p.122. https://www.gutenberg.org/files/17116/17116-h/17116-h.htm. [Accessed 22 Feb. 2020].

Tang, Xi. et al. (2021) School burnout and psychosocial problems among adolescents: Grit as a resilience factor. Journal Of Adolescence 86, pp. 77–89. Elsevier BV, doi:10.1016/j.adolescence.2020.12.002.

TED. (2013) Grit: The power of passion and perseverance. http://Grit: the power of passion and perseverance | Angela Lee Duckworth. Accessed 23 Jan 2021.